KOMISYON SA WIKANG FILIPINO •1991•

*Bukás na sa mga nominasyon!*

# KAMPEON NG WIKA 2021

Ang Kampeon ng Wika ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Filipinas.

Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng alinman sa mga katutubong wika sa Filipinas sa ibá't ibáng larang at disiplina.

KAMPEON NG WIKA 2021 • KOMISYON SA WIKANG FILIPINO •

**30 HUNYO 2021**
Huling araw ng pagsusumite

DepED DIVISION OFFICE BAGUIO CITY
MAY 05 2021
RECEIVED

To: All School Administrators, Principals & Teachers In-Charge
(Elementary & Secondary)
FOR YOUR INFORMATION & APPROPRIATE ACTION
MARIE CAROLYN B. VERANO, CESO V
Schools Division Superintendent

**Kampeon ng Wika 2021, bukás na sa mga nominasyon!**

INAANYAYAHAN ang lahat na magpasa ng mga nominasyon para sa KWF Kampeon ng Wika, isang pagkilala para sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Filipinas.

Ang Kampeon ng Wika ay ang taunang parangal na ibinibigay ng KWF sa mga natatanging indibidwal, institusyon, o samahan na patuloy na bumubuhay at aktibong lumalahok sa pagtataguyod at preserbasyon ng wikang Filipino at mga katutubong wika ng Filipinas sa iba't ibang larangan o disiplina.

Ang mga ginawaran ng parangal na ito ay sina Gov Vilma Santos-Recto at Cristy Fermin noong 2013, Alicia Magos, Eliza Uy-Grino, at Leoncio P. Deriada noong 2014; Merlie Alunan, Elvira B. Estravo, Rosa Maria Magno, Gloria I. Alday, Ma. Laarni L. Cayetano, at Lungsod Muntinlupa noong 2015; Resil Mojares, Fortunato B. Sevilla III, Noriam H. Ladjagais, Atty. Cesar Kilaton Jr., Adelino Sitoy, Dr. Erlinda Alburo, Rev. Fr. Immanuel Sison Escano, Orlando B. Magno, Jimmy B. Fong, at Serafin V. Cuevas noong 2016; Rafael A. Banzuela, Jr, Fr. Wilmer Joseph S. Tria at John E. Barrios noong 2017; Lucena P. Samson noong 2018; at Galileo S. Zafra, Mario I. Miclat, Joaquin Sy, at Dr. Michael M. Coroza noong 2019;

Tuntunin sa Paglahok

Ang Kampeon ng Wika ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Filipinas.

Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng alinman sa mga katutubong wika sa Filipinas sa ibá't ibáng larang at disiplina.

Para sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taon. Para sa mga samahán, tanggapan, ahensiyang pampamahalaan, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taon.

Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa alinman sa mga katutubong wika sa iba't ibang larang at/o disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba.)

Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat.

Pára sa onlayn na nominasyon, ihanda ang lahat ng softcopy (.pdf format) at magtungo sa link na ito: https://forms.gle/RBH5HuoGYpqDSYSj

Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;

Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán);

Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa; at

Balidong ID ng nagnomina (.jpeg format)

Pára sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang lahat ng dokumento (hardcopy) na nakasaad sa bílang 6 at ipadalá sa:

Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2021
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa 30 HUNYO 2021, 5:00 nh.

Ang tatanghaling Kampeon ng Wika 2021 ay tatanggap ng naturang gawad sa Pammadayaw: Araw ng Gawad sa 27 Agosto 2021.